



BICOL LABOR

The Official Newsletter of DOLE-V (Bicol)

Page 8 Vol. 11 Issue 2

Sa Jobs Fair, Hindi Pwedeng Ang Magulang Ang Mag-Aaply Para Sa Anak- DOLE-Bicol

Legazpi City- Pinaalalahanan ng DOLE-Bicol ang lahat na aplikante sa darating na Labor Day Mega Jobs Fair sa May 1 sa SM Naga City na hindi dapat ang magulang ang mag-apply para sa kanila at hindi din uso ang palakasan at ang teorya ng “whom you know”.

“Alisin po natin sa isipan ang mga katagang whom you know dahil wala nyan sa jobs fair natin. Ang meron dito ay palakasan ng credentials at kakayahang hindi ng kung ano pa man. At lalong bawal na yung magulang ang mag-aaply para sa anak,” giit ni DOLE-Bicol regional director Nathaniel V. Lacambra kahapon sa media.

Ang Labor Day Mega Jobs Fair sa SM Naga ang posibleng pinakamalaking Jobs Fair na gaganapin sa boung rehiyon ngayong taon. Ito ay alinsunod sa nationwide na selebrasyon ng Labor Day 2014 na may temang “Sa Sipa, Tiyaqa, at Talino,

Buong Mundo Saludo sa Manggagawang Pilipino”.

Sa ngayon ang nasambit na jobs fair ay merong humigit-kumulang 43 lokal at 20 overseas na employer na kasali na may dalang humigit-kumulang 1,100 bakanteng trabaho. Ito ay posibleng tumaas pa sa mga susunod na araw habang papalapit ang jobs fair. Inaasahan din ang pagdagsa ng libo-libong aplikante galing sa ibat-ibang panig ng Bicol sa araw mismo ng Labor Day Jobs Fair.

Ngunit, ayon sa DOLE-Bicol, sa pagdagsa ng mga aplikante ay malimit nilang napapansin na hindi nawawala na may mga aplikante sa Jobs Fair may mayroon mga kasamang magulang at kung minsan nga ay ang magulang pa ang mismong pumipila para sa kanilang mga anak. Ayon sa DOLE, ang ganitong gawain ay hindi makakatulong sa mga aplikante bagkus ay lalo lamang na bababa ang tsansa na makapasok sila

sa trabaho.

“Aba kung makikita ko na magulang ang nag aaply para sa anak ay automatic hindi ko tatanggapin yan. Eh hindi nga makatayo sa sariling paa bakit ko pagkakatiwalaang makapasok sa kumpanya ko. Pano kung magka problema, iiyak siya at tatawag sa nanay?” ani isang employer na ayaw magpa banggit ng pangalan.

Sa talaan ng DOLE-Bicol at base na rin sa eksperensya sa Jobs Fair, malimit na makapasok at makuha bilang isa sa mga Hired-on-the-spot ang mga aplikanteng bukod sa kanilang credential at dokumentong hawak, ay kinakikitaan ng ibayong lakas ng loob at paninindigan.

“Syempre unang titignan credentials muna tapos kakayahan at ang pinaka huli at pinaka importante ang karakter. Ang credentials at kakayahan ay pwedeng see page 7

L BICOL LABOR



At Center Fold:

Si Lourdes, Dating OFW Nabigyan ng Livelihood

Hindi Sayang ang Tax Mo Sa DOLE-Bicol

Legazpi City- Kung sa Senado ay mainit na pinagtatalunan kung saan napupunta ang tax ng gobyerno, sa DOLE-Bicol ay kitang-kita at damang-dama ito ng mga tao. Ito ang siniguro ni DOLE-Bicol regional director Nathaniel V. Lacambra sa kanyang ulat kay DOLE Hon. Secretary Rosalinda Dimapilis-Baldoz dalawang lingo matapos ang selebrasyon ng Mayo a uno.

“Inuulit ko po, walang nasasayang na tax dito sa Bicol. Ibinabalik natin yan sa mga tao sa pamamagitan ng samut saring livelihood program natin,” ani ni RD Lacambra.

Tinatayang halos P12M kada buwan ang naka programang ipamudbod ng DOLE-Bicol bilang programang pangkabuhayan sa 6-na probinsya ng rehiyon. Sa anim na probinsya, ang Albay at ang Camarines Sur ang may pinakamalaking alokasyon ng pondo. See page 4



**DOLE ROV – Regional Coordinating Council
PRESS CONFERENCE
ULAT sa Bayan and Wage Order No. RBV-16**

Hindi Sayang...from page 1

Sa Albay pa lang, noong huling lingo ng Abril, ay nasa P739,218.50 ang katumbas na halaga ng mga kagamitang ipinamigay ng DOLE-Bicol sa 111 benepisaryo na pinagtulungang hanapin ng PNP at AFP Bicol bilang ka partner ng DOLE. Ang dalawang ahensya ng gobyerno, ang PNP at AFP, ay naging ka partner ng DOLE-Bicol hindi lamang sa paghanap bagkus pati sa patuloy na pag momonitor ng ipinamudbod na mga kagamitan.

AFP Bicol to Provide Free Ride to Job Seekers on Labor Day Jobs Fair

Legazpi City- The Armed Forces of the Philippines (AFP) in Bicol has pledged to provide a free ride to job seekers who will participate in this year's Labor Day Mega Jobs Fair on May 1 at SM Activity Center, SM Super Mall Naga City.

"Yes the army will help us in this nation building activity. Labor Day is not only DOLE's celebration but the whole of government," DOLE Bicol regional director Nathaniel V. Lacambra said.

The Labor Day Mega Jobs Fair is in line with this year's Labor Day celebration theme "Sa Sipag, Tiyaga, at Talino, Buong Mundo Saludo sa Manggagawang Pilipino".

To help DOLE, the army is said to provide at least three (3) six-by-six (6x6) trucks to be stationed in areas in Albay and far barangays in Camarines Sur. The army trucks' sole purpose is to ferry penniless jobs seekers from the pick-up point up to SM Naga and vice versa.

"We all know that there are dozens of job seekers in far flung Barangays who wanted to join the jobs fair but have no money to pay for fare. We are glad that the army lend a helping hand." RD Lacambra said.

Texters from radio station DWAS AM from Tabaco City, early morning today, have signified their interest to avail of the free ferry service. According to the text message relayed by the program anchor to DOLE, there will be a group of individuals waiting for the release of see page 3

Sa Jobs...from page 8

matutunan pero ang karakter ay mahirap isa puso." Dagdag ni RD Lacambra.

Kaya ngayong 2014 Labor Day Mega Jobs fair ay maigting pinapalalahanan ng DOLE-Bicol ang mga aplikante sa mga tips na binanggit. Nais din na ulit-ulitin ng DOLE-Bicol na ang mga aplikante ay dapat na magdala ng lahat ng kailangang dokumento tulad ng mga sumusunod:

Transcript of records, diploma, certificate of grades, certificate of competency, passport (kung meron), training certificates at iba pang magpapatunay ng kakayahan ng isang aplikante. Nais din ipa alala ng DOLE-Bicol ang pagsout ng tama at naayon para sa okasyon.

"Hindi naman kailangang mag gown ang mga babae o kaya naman ay mag barong tagalong ang mga lalake. Yung tama lang, ika nga e presentable para sa mga employers," dugtong ni RD Lacambra.

Sa dinami-dami ng bakanteng trabaho ay kampante ang DOLE-Bicol na lahat ay mabibigyan ng pagkakataon a makahanap na swak sa kanilang kakayahan. Subalit, muling iginigiit ng DOLE-Bicol na ang jobs fair ay hindi katulad ng enrollment na ang magulang ay sumasama upang ipa enroll ang anak.

"Ang pagdalo sa Jobs Fair ay isang indikasyon ng maturity at nagpapahiwatig ito ng kahandaan ng isang tao na kaya ng sumagupa sa laban ng tunay na buhay." Pagtatapos na sambit ni RD Lacambra.

Katuwang ng DOLE-Bicol sa gaganaping Labor Day Jobs Fair bilang major sponsors ang mga sumusunod: SM Supermall Naga City, Naga Colleges Foundation (NCF) City Government of Naga thru Metro Naga PESO, ABS-CBN, Philippine Army, PESO Regional Federation, PIA Cam. Sur, Radyo ng Bayan Naga at ang lahat ng ahensya ng DOLE sa Regional Coordinating Committee (DOLE-RCC) tulad ng NLRC, NCMB, OWWA, POEA, PRC, TESDA, RTWPB, NRCO, ECC – fin.

Babae Mas Madame Kesa Lalake, Noong Labor Day Jobs Fair sa Bicol

Naga City- Sa datus na hawak ni DOLE Bicol regional director at regional coordinating committee (DOLE-RCC) tserman Nathaniel V. Lacambra, lumalabas na mas madame ang mga babaeng nagtiyagang pumila, kesa mga lalake, sa naganap na Labor Day Mega Jobs Fair sa SM Naga City noong Mayo 1.

“Kitang-kita mas madame ang nakapalda kesa maong. Ito na yata ang tinatawag na women empowerment na isa din sa mga program naging mahal na kalihim Rosalinda Dimapilis-Baldoz” dagdag ni RD Lacambra.

Ayon sa report na isinumite ng DOLE Bicol sa tanggapan ni Hon. DOLE Sec. Rosalinda Dimapilis-Baldoz, 30-minuto makalagpas ang alas singko ng hapon noong Mayo 1, nasa

900 ang bilang ng mga aplikanteng pumila sa local vacancies kung saan 542 dito ay babae at 358 naman ang la-lake. Kung kwalipi-kasyon naman ang pagbababahan, lu-malabas na 1,070 ang kwalipikadong babae at 526 naman ang lalake na nag apply sa local jobs.

“Halos kalahati ito. Isa lang ang ibig sabihin nito. Malakas ang impluwensya ng programa naten para sa kababaihan ang Gender and Development. Dapat matuwa ang mga Bicolana dito sa Bicol,” ani RD Lacambra.

Ito marahil, ayon sa DOLE-Bicol ay gawa ng tumataas na bakan teng trabaho na available para sa mga kababaihan tu-lad ng sa service sector. Ang service sector ang sinasa-bing may pinakamata-as na babaeng mangagawa. Ang Ang service sector ay

kinabibilangan ng grocery stores, department stores, hotel at restaurants.

Ngunit kung titignan ang aplikante sa overseas, mas mata-as pa din ang la-lakeng nag apply na may bilang na 63 at ang babae ay 75. Ito marahil, ayon sa DOLE-Bicol ay dahil sa kultura ng Bicolana na “close family ties”.



“OBRERONG BICOLANO, URAGON KA!”

AFP Bicol...from page 2



designated pick-up points.

As of press time, a final coordination between DOLE and Phil. Army is being conducted to determine the most suitable pick-up point in Albay and in Cam. Sur that could be accessed by applicants.

With this news, DOLE Provincial Office Cam. Sur headed by PFO Ana Christine Soriano has already coordinated with SM Management on the parking space for the military trucks.

“A special arrangement for parking is needed due to the size of the military trucks” DOLE Cam. Sur PFO Soriano added.

It can be recalled that last year the army headed by Col. Pastrana has also sent trucks for the same purpose. With the provision of the trucks the Phil. Army is considered as a major sponsor of the Jobs Fair similar with SM Naga City, City Government of Naga thru Metro Naga PESO, ABS-CBN and Naga Colleges Foundation.

 Contact info: Tel. #: 480-5830 480-5831 Fax #: 481-0768 480-3058 Email: dolero5@yahoo.com	EDITORIAL BOARD		MAKINIG KAYO “Aksyon DOLE sa Veritas” Wednesday 11:00 -12:00am Radyo Veritas Legazpi also live at DCTV Channel 8 “Ikaw at ang DOLE” Thursday 8:30-9:30am DWAS AM & 1-Radio Tabaco “DOLE & SSS on Air” Friday 9:00-11:00 am DZRC AM
	Consultants BRA NATHANIEL V. LACAM- Regional Director EXEQUIEL RONNIEA. GUZMAN Assistant Regional Director JOSE B. BANDA TSSD Chief		
We're on the WEB! www.ro5.dole.gov.ph	Editor/Writer RAYMOND P. ESCALANTE Information Officer III		
DOLE BICOL is published quarterly. For free subscription cut this portion & mail to: DOLE-RO V Dona Aurora St. Old, Albay, Legazpi City, 4500	Circulation ALMA V. CORBE Records Officer III RODRIGO S. ALCOY Messenger		
	Lay-out & Graphics Ellyzza M. Buemia SPES Beneficiary Bicol University 2nd Year BS ComSci		

Hindi Sayang...from the front page

“Talagang malaki ang budget natin sa livelihood kaya nga madalas ay nakikipag partner tayo sa ibang ahensya ng gobyerno at mga pribadong grupu upang maisakatuparan at ma protektahan ang pera ng bayan,” dagdag ni RD Lacambra.

Sa Albay pa lang, noong huling lingo ng Abril, ay nasa P739,218.50 ang katumbas na halaga ng mga kagamitang ipinamigay ng DOLE-Bicol sa 111 benepisaryo na pinagtulungang hanapin ng PNP at AFP Bicol bilang ka partner ng DOLE. Ang dalawang ahensya ng gobyerno, ang PNP at AFP, ay naging ka partner ng DOLE-Bicol hindi lamang sa paghanap bagkus pati sa patuloy na pag momonitor ng ipinamudbod na mga kagamitan.

Si Mrs. Lourdes Soledad Bas Gados, 50 yrs old, taga Ems Barrio at 7-taong OFW sa DBI German Railways sa Qatar, ay isa sa mga benepisaryo ng DOLE-PNP.

Pagkatapos niyang umuwi sa bansa isang taon ang nakalipas ay walang makuhang trabaho ganun din ang kanyang asawa na si Allen Gados, 47 yrs. old at dati ring OFW sa Moa Sala sa Qatar.

Ang kanilang ipon bilang OFW ay naubos bunsod ng pagkaka-sakit ng cancer ng biyenang babae at pagiging bed ridden naman ng halos isang taon ng kanyang ama. Hindi lamang ang pagkakasakit ng kapamilya ang naging problema ng mag-asawa bagkus pati na rin ang pagpasok sa eskwela ng kanilang solong anak na 9-taon gulang pa lamang.

Bilang isang dating OFW ay sinubukan ni

Si Lourdes, Dating OFW Nabigyan ng Livelihood

Aling Lourdes na pumunta ng OWWA at humingi ng tulong pinansyal. Subalit hindi niya nakaya ang hinihinging 20% counterpart ng ahensya kung kaya't siya'y umuwing luhaan.

“Hindi ko talaga alam kung panong gagawin. Wala kaming makuhanang trabaho. Nag pray ako kay Lord na sana mabigyan kami ng pagkakataon. Naisipan kong magtinda-tinda kahit kulang sa gamit, basta kumita lang at may pang tustus,” ani ni Aling Lourdes.

Sa dinaan-daang aplikante sa EMs Barrio, isa sa pinalad na mailista ni PNP Chaplain Rev. Fr. Alfredo Macua si Aling Lourdes para sa livelihood program ng DOLE.

“Sabi ko, ito na yata ang sagot sa mga panalangin ko. Blessing po talaga ito para sa amin. Kaya talagang pag iingatan ko ito. Salamat

sa diyos sa pagbigay ng DOLE sa amin” nalu-luhang sabi ni Aling Lourdes.

Bago ang livelihood na bigay ng DOLE sa pakikipagtulungan kay PNP Regional Director Victor Deona, si Aling Lourdes ay kumikita ng halos P500/day. Pagkatapos mabigyan ng kumpletong kagamitan ng DOLE ay inaasahan ni Aling Lourdes na maddoble ang kanyang kita gawa ng mas mabilis na production time kumpara noong wala pa siyang mga kagamitan.

Sa ngayon ay nagdagdag na ng paninda si Aling Lourdes at nilapatan na din nya ng pangalan ang dating maliit na food stand. Sa loob lamang ng halos 3-linggo (3-weeks) ang BongSeanBe Foods and Stuff ay mayroon ng sariling trade mark na chili sauce na dinarayo bukod sa kanyang regular na panindang siomai, shakes, kikiam at

at fishball.

Ang BongSeanBe Foods and Stuff ay kinagigiliwan ng mga estudyante at resident-teng Ems Barrio subalit mariing sinabi ni Aling Lourdes na hindihindi siya magtitinda ng alcoholic beverages dahil pananatilihin nya ang wholesome na imahen ng tindahan at upang hindi makasira sa kinabukasan ng mga estudyante.

“Natulungan ako ng DOLE sa oras ng tunay na kagipitan. Ang hindi pagtinda ng Alcoholic drinks ang syang kweta balik tulong ko din sa maliit na paraan.” Dagdag ni Aling Lourdes.

Sa nalalapit na pasukan ay bubuksan ni Aling Lourdes ang special Rice Coffee “tinotong” bilang pangunahing produkto ng BongSeanBe Foods product. Sa gustong matikman ang katas ng programang pangkabuhayan ng DOLE-Bicol I txt lamang si Aling Lourdes sa CP

No. 0947 2535768.

“Nakakataba ng puso na malaman na ang tinulungan natin gamit ang pera ng gobyerno ay nakaranas ng pagbabago sa kanilang buhay. Ito ang adhikain natin sa DOLE-Bicol, ito ang adhikain natin sa sambayanang bikolano dahil sila ang boss natin...” pagtatapos ni RD Lacambra.



